



Ligtas na nililikas ng Brampton Fire and Emergency Services ang mga residente sa Churchville area dahil sa matinding pagbaha

BRAMPTON, ON (Pebrero 17, 2022) – Ang Lungsod ng Brampton ay tumutugon sa matinding pagbaha sa Churchville area at nakikipagtulungan sa Peel Regional Police para ligtas na ilikas ang natitirang mga residente sa sumusunod na mga lugar:

- Piling mga lugar sa Churchville Road
- Martins Boulevard
- Church Street
- Victoria Street
- Adelaide Street
- Piling mga lugar sa Creditview Road

Kahit na ang karamihan sa mga residente ay nailikas nammula sa lugar na ito, nananatiling ginagawa ang kinakailangan sa paglikas at muling pag-assess kinabukasan. Ang Brampton Fire and Emergency Services, ang Brampton Emergency Management Office, Brampton Public Works, Brampton Transit, Peel Regional Police, Region of Peel Human Services at ang Credit Valley Conservation ay nanatili sa site at patuloy na nagmo-monitor at tumutugon sa sitwasyon.

Kung nasa panganib ang mga residente, dapat tumawag kaagad sila sa 9-1-1. Para iulat ang lokal na pagbaha sa mga daan ng munisipalidad, naharangang storm sewer grates o pagbaha sa basement, tumawag sa 3-1-1.

Mga tip sa Kaligtasan sa Baha

Naglabas ang Environment Canada ng isang espesyal na pahayag kaugnay ng klima para sa Brampton, tinatayang pag-ulan, nagyeyelong ulan at snow sa umaga kinabukasan. Nalabas din ang Credit Valley Conservation ng babala tungkol sa pagbaha.

Hinihiling sa mga residente na sundin ang sumusunod na mga pangkaligtasang pag-iingat:

- Ang hindi gumagalaw na tubig ay maaaring grounded ng indoor electrical systems at ng underground o natumbang linya ng kuryente. Ilayo ang iyong sarili, ang mga bata at mga alagang hayop sa hindi gumagalaw na tubig at natumbang mga linya ng kuryente.
- Ang mga tubig-baha ay mabilis na makakagalaw at nagbabadya ng panganib ng pagkalunod. Protektahan ang iyong kaligtasan at huwag mag-drive o lumakad padaan sa mga tubig-baha.
- Ang mga istruktura ng gusali ay maaaring apektado at magiging hindi ligtas. Iwanan ang iyong bahay kung may anumang mga palatandaan ng posibleng pinsala sa pundasyon at istruktura, kabilang ang mga bubong ng beranda at mga overhang.
- Ang mga tubig-baha ay madalas na tinitibag ang mga daan at mga walkway. Maaaring naparupok ang mga daan at matitibag sa ilalim ng bigat ng sasakyan. Huwag mag-drive o maglakad padaan sa mga tubig-baha.



- Ang mga tubig-baha ay maaaring naglalaman ng sewage (maaaring naglalaman ng bacteria, mga virus o parasito), mga kemikal at debris tulad ng basag na mga salamin. Iwasan ang mga lugar na mababa. Ilayo ang iyong sarili, pamilya at alagang hayop mula sa mga tubig-baha.
- Huwag pumasok sa isang lugar na may baha maliban kung nagsusuot ng angkop na personal na pamproteksyong kasangkapan at pananamit.

Maaaring sundan ng mga residente ang [@BEMOPrepared](https://twitter.com/BEMOPrepared) sa Twitter para sa pinakabagong mga update, at bisitahin ang www.brampton.ca para sa impormasyon sa kaligtasan sa baha.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng
Brampton

multiculturalmedia@brampton.ca